PAGKILALA SA MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN NG KALAHOK

Ang Opisina ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Lakas-Paggawa (Office of Economic and Workforce Development, OEWD) ay masuwerteng nakakagamit ng mga pondong ibinibigay ng pamahalaan na Pederal, ng Estado at ng Lunsod upang tulungan ka sa iyong paghahanda para sa at paghahanap ng trabaho. Bibigyan ka ng dokumentong ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa programa, kung ano ang maaasahan mo mula rito at kung ano ang aasahan mula sa iyo. Ang kawani ng ahensiya, na nagpapatakbo sa programa kung saan ka nakatala ngayon, ay handang tumulong sa iyo sa mga karagdagang tanong o problema na maaaring mayroon ka.

ANG IYONG MGA TUNGKULIN

May tungkulin ang bawat kalahok na makilahok at makipagtulungan para sa mga pagsisikap na mapataas ang kanyang pagkakataong magkaroon ng trabaho. Inaasahan ang lahat ng kalahok na:

- Makilahok nang ginagamit ang kanilang pinakamahuhusay na mga kakayahan.
- Sumunod sa mga patakaran at proseso ng programa.
- Kumilos sa paraang hindi mapanganib o mapanira.
- Iulat sa ahensiya ang anumang pagbabago sa address o numero ng telepono.
- Makilahok sa mga aktibidad ng paghahanap ng trabaho.
- Magbigay ng impormasyon sa pagtatrabaho sa ahensiya o kawani ng OEWD sa buong panahon ng pag-follow up.

Bilang isang Kalahok sa Pagsasanay sa Silid-aralan, inaasahan ka na dumalo sa bawat nakaiskedyul na sesyon ng pagsasanay at dumating sa oras. Maaaring maging sanhi ng pagkakatanggal sa programa ang tuluy-tuloy na pagdating nang huli sa oras at/o labis na pagliban. May mga pagkakataon kung kailan magiging mahirap ang pagdalo; sa mga ganoong sitwasyon, dapat mong ipaalam agad sa iyong instructor o counselor ang nangyari.

Bilang isang Empleyadong nasa On-the-Job Training (Pagsasanay sa mismong trabaho):

Sa isang posisyon sa on-the-job training, itinuturing ka bilang regular na empleyado mula sa unang araw ng iyong trabaho. Bilang isang empleyado, dapat mong sundin ang mga patakaran sa pangangasiwa ng tao at mga proseso ng iyong employer. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa iyong trabaho o tungkulin, makipag-ugnayan sa job developer (tagapagpaunlad sa trabaho) na tumulong sa iyo na makuha ang iyong posisyon.

SA SITWASYON NG PAGKAKAROON NG PINSALA O AKSIDENTE HABANG LUMALAHOK SA MGA AKTIBIDAD NG OEWD

Ipapaalam sa iyo ng kawani sa ahensiya ng iyong programa o lugar ng pagsasanay/trabaho ang mga proseso sa emergency.

MGA LIMITASYON

Nepotismo. Maaari kang pigilang lumahok sa isang partikular na programa kung may malapit kang kaugnayan sa isang taong kasalukuyang nagtatrabaho nang may kapasidad na pang-administratibo sa ahensiyang iyon o sa OEWD. Kung mayroon kang kamag-anak na nasa posisyong superbisor o tagapamahala sa ahensiya kung saan mo gustong makatanggap ng pagsasanay o sa OEWD, sumangguni sa iyong counselor para sa dagdag na paglilinaw.

Hatch Act (Batas Hatch). Mayroong ilang paghihigpit sa pagsali sa mga aktibidad sa pulitika habang tumatanggap ng pagsasanay na pinopondohan ng pederal na pamahalaan. Bagamat maaari kang magpahayag ng mga opinyon sa mga paksa at kandidato sa pulitika, aktibong makibahagi sa mga kampanyang pulitikal, mag-ambag sa isang partido o organisasyong pulitikal at humiling ng mga boluntaryong ambag, hindi ka dapat makisali sa mga aktibidad na iyon sa mga oras na nasa trabaho ka o sa mga oras ng klase.

MGA BENEPISYO HABANG NAKIKILAHOK SA ISANG PROGRAMANG PINOPONDOHAN NG OEWD

Walang gastos ang paglahok sa isang programang pinopondohan ng OEWD. Kung tatangkain ng isang ahensiya na mangolekta ng "bayad" na may anumang uri, agad na makipag-ugnayan sa OEWD sa (415) 701-4848. Hanapin ang Opisyal ng Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunity Officer).

Kalahok sa Pagsasanay sa Silid-aralan:

Bilang isang kalahok sa programa sa pagsasanay sa silid-aralan, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga serbisyong pansuporta, kasama na ang transportasyon (Fast Pass, BART ticket), at tulong sa pangangalaga ng bata. Mangyaring alamin sa counselor sa programa ng iyong pagsasanay ang impormasyon ng kung anong available at ang mga proseso para sa pagtanggap ng mga nasabing serbisyong pansuporta.

Makipag-usap sa counselor sa ahensiyang nagpapatakbo sa programa kung saan ka nagpatala para humingi ng impormasyon tungkol sa tulong sa pangangalaga ng bata. Magbibigay sa iyo ang iyong counselor ng sheet para sa impormasyon ng pangangalaga ng bata, na nagpapaliwanag sa mga kinakailangan at benepisyong available. Kalimitan, may ibinibigay na tulong sa pangangalaga ng bata sa buong panahon na nasa pagsasanay ka. Kung may mga espesyal kang pangangailangan sa pangangalaga ng bata, makipag-usap sa iyong counselor.

Kalahok sa Posisyon sa On-the-Job Training:

Habang nagtatrabaho sa isang posisyon sa pagsasanay, tatanggap ka ng mga sahod bilang kapalit ng trabahong isinasagawa mo sa ilalim ng mga partikular na pangakong ipinataw ng iyong employer. Magkakaroon ng income tax withholding at (sa ilang sitwasyon) iba pang mga pagbabawas ang mga matatanggap mong sahod.

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo sa Seguro sa Kawalan ng Trabaho (Unemployment Insurance, UI), maaari kang magpatuloy sa pagtanggap ng mga benepisyo habang nakatala sa isang programa sa pagsasanay sa silid-aralan ng Batas sa Pamumuhunan at Oportunidad sa Lakas-Paggawa (Workforce Investment and Opportunity Act, WIOA). Gayunpaman, hindi ka karapat-apat para sa mga benepisyo sa UI kung kalahok ka sa isang posisyon sa on-the-job training na pinupondohan galing sa mga pondo ng WIOA.

KAWALAN NG DISKRIMINASYON AT PANTAY-PANTAY NA OPORTUNIDAD SA PAGTATRABAHO

Labag sa batas ang magpakita ng diskriminasyon laban sa:

- Sinumang indibidwal sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, kaugnayan o paniniwala sa pulitika; at
- Sinumang tumatanggap ng mga benepisyo ng mga programa, na binibigyan ng tulong-pinansyal sa ilalim ng mga programa ng OEWD ayon sa pagkamamamayan/katayuan ng tumatanggap ng mga benepisyo bilang legal na tinanggap na imigrante na pinahihintulutang magtrabaho sa Estados Unidos, o sa kanyang paglahok sa anumang programa o aktibidad ng OEWD.

Hindi maaaring magpakita ng diskriminasyon ang OEWD at ang mga subcontractor nito sa alinman sa mga sumusunod na larangan:

- Pagpapasiya sa kung sino ang magkakaroon ng access sa anumang programa o aktibidad ng OEWD, o
- Pagtrato sa mga kalahok sa programa, o
- Mga pasiya sa pagtatrabaho sa administrasyon ng, o na kaugnay ng, ganoong programa o aktibidad.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw mula sa petsa ng hinihinalang paglabag sa Equal Opportunity Officer ng OEWD –Alfredo Fajardo, sa One South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103. O kaya, maaari kang makipag-ugnayan sa Direktor, Sentro ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Center, CRC), Departamento ng Paggawa ng U.S. (U.S. Department of Labor), 200 Constitution Avenue, NW, Room N-4123, Washington D.C. 20210.

Kung magsisimula ka sa paghahain sa iyong reklamo sa OEWD, dapat kang maghintay hanggang sa magbigay ang OEWD ng nakasulat na Paunawa sa Panghuling Aksiyon (Notice of Final Action), o hanggang sa lumampas ang 90 araw (alinman sa mga ito ang mas maaga), bago maghain sa Civil Rights Center.

Kung **hindi** magbibigay ang OEWD ng nakasulat na Notice of Final Action sa loob ng 90 araw pagkatapos ng araw kung kailan mo inihain ang iyong reklamo, hindi mo kailangang hintayin ang OEWD na magbigay ng Notice bago maghain sa CRC. Gayunpaman, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw pagkatapos ng 90-araw na takdang petsa (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw pagkatapos ng araw kung kailan mo inihain ang iyong reklamo sa OEWD).

Kung **bibigyan** ka ng OEWD ng Notice of Final Action sa iyong reklamo, at hindi ka nasiyahan sa pasiya o resolusyon, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw pagkatapos ng petsa kung kailan mo natanggap ang Notice of Final Action.

MGA KARAPATAN SA HINAING

Bilang isang indibidwal na kalahok sa isang programang pinupondohan ng OEWD, mayroon kang ilang partikular na karapatan at tungkulin. Sa ilalim ng Kodigo ng mga Regulasyong Pederal (Code of Federal Regulations) 20 CFR 667.600(g)(I), 24CFR570.431 at Apendise F1.107 ng Kabanata ng San Francisco (San Francisco Chapter Appendix F1.107), mayroon kang karapatang maghinaing sa mga tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho at/o pagsasanay. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong counselor kung sa palagay mo ay hindi naging patas ang pagtrato sa iyo. Mayroong mga proseso sa paghihinaing ang bawat ahensiya sa loob ng sarili nitong mga proseso sa pangangasiwa ng tao na nagdedetalye sa mga tuntunin at kundisyon ng iyong serbisyo, pagsasanay at/o pagtatrabaho. Dapat magbigay sa iyo ng kopya ng mga karapatan at tungkuling ito ang ahensiyang nagpapatakbo sa programa kung saan ka nagpatala, at dapat nilang magawang ipaliwanag sa iyo ang mga ito. Mahalaga na sundin mo ang mga prosesong ito. Kung sa palagay mo ay hindi sinusunod ng iyong ahensiya ang mga proseso, makipag-ugnayan sa OEWD. Hihilingin sa iyo na bigyan ang indibidwal na tumutugon sa iyong alalahanin ng kumpleto at tumpak na impormasyon upang makapag-follow up tungkol sa iyong reklamo.

Mayroon kang karapatang maghinala sa isang paglabag sa mga regulasyon, (mga) paggawad o iba pang mga kasunduan sa ilalim ng OEWD. Kung sa palagay mo ay may nangyaring paglabag, maaari kang maghain ng nakasulat na reklamo sa OEWD. Para sa partikular na impormasyon sa paghahain ng hinaing, mangyaring makipag-ugnayan sa OEWD. Kinakailangang magkaroon ng mahigpit na timeline (yugto ng panahon) para sa paghahain ng reklamo (sa loob ng isang taon pagkatapos ng araw kung kailan ito naganap). Mayroon ka ring karapatang humiling ng teknikal na tulong sa paghahain ng reklamo, at maaari kang tumawag sa (415) 701-4848 para sa karagdagang impormasyon sa kung paano maghain ng reklamo.

Maaaring mag-iskedyul ang OEWD ng di-pormal na pagpupulong para sa resolusyon sa reklamo bago ang pang-administratibong pagdinig sa kaso. Sa di-pormal na pagpupulong para sa resolusyon sa reklamo, isasagawa ang isang pagtatangkang lutasin ang reklamo. Kung at kapag ang reklamo ay nalutas sa di-pormal na paraan, tatangkain ng OEWD na makipag-ugnayan sa iyo at hihilingin sa iyo na magbigay ng nakasulat na pag-withdraw (pag-atras sa kaso) sa loob ng 10 araw matapos ang di-pormal na resolusyon

Kung hindi makagawa ng di-pormal na resolusyon, mag-iiskedyul ang OEWD ng pang-administratibong pagdinig ng kaso sa loob ng 30 araw matapos ang pagtanggap sa nakasulat na reklamo. Dapat kang mabigyan ng nakasulat na paunawa tungkol sa pang-administratibong pagdinig ng kaso sampung araw bago dumating ang petsa ng pagdinig.

Pagkatapos ng pagdinig, maglalabas ang OEWD ng pasiya sa iyong kaso sa loob ng 60 araw. Kung hindi makagawa ng pasiya sa loob ng 60 araw o kung nakatanggap ka ng negatibong pasiya, maaari ka pang magpadala ng nakasulat na apela sa:

- WIOA – Chief, EDD Compliance Review Division (WIOA – Pinuno, Sangay sa Pagsusuri sa Pagsunod ng EDD), P. O. Box 826880, Sacramento, CA 94280-0001.
- CDBG – Regional Administrator, U.S. Department of Housing and Urban Development (CDBG – Administrador sa Rehiyon, Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lunsod ng U.S.), 600 Harrison Street, 3rd Floor, San Francisco, CA 94107-1300
- General Fund – Whistleblower Program, Office of the Controller (Pangkalahatang Pondo – Programa sa Whistleblower, Opisina ng Tagakontrol), City Hall Room 316, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102-4694
- H-1B/RTW/CCPT/AAG – The Office of Federal Contract Compliance Programs (Ang Opisina ng Mga Programa sa Pagsunod sa Kontrata na Pederal, OFCCP), U.S. DOL, 200 Constitution Avenue, N.W., Washington, D.C. 20210

KUNG MAYROON KANG MGA PROBLEMA

Available ang kawani sa ahensiyang nagpapatakbo sa programa kung saan ka nagpatala upang magbigay ng impormasyon na pang-referral o para sa iba pang mga problemang personal, may kinalaman sa wika o trabaho. Umaasa kami na nagsisilbing kapaki-pakinabang na panimula sa mga programa ng OEWD ang impormasyong ito at na matagumpay mong makakamit ang iyong layunin sa pagtatrabaho.

Pinapatunayan nito na nakatanggap ako ng kopya ng Sheet para sa Impormasyon ng Mga Karapatan at Tungkulin ng Kalahok. Nabasa ko ang mga proseso sa reklamo at nauunawaan ko ang mga hakbang na susundin kung mayroon akong reklamo laban sa isang programang pinapatakbo ng OEWD. Ipinaliwanag ng aking counselor ang mga prosesong ito sa akin nang verbal at lubos kong nauunawaan ang patakarang ito. Nauunawaan ko na puwede akong magkaroon ng isang buong kopya ng mga prosesong ito kung hihilingin ko. Lagda ng Kalahok

Lagda ng Kalahok/Petsa

Lagda ng Career Advisor (Tagapayo sa Karera)/Case Manager (Tagapamahala ng Kaso)/Petsa

9/2018